

Kaya Idalangin

Vol. 27 | No. 4 | Oktubre-Disyembre 2015

Gabay sa Panalangin Para Sa Bokasyon



Paghahangad sa Banal na Hangarin!

“Ang bawat pamilya ay nagiging biyaya sa mundo tuwing ang bawat magulang ay bukas-loob na hinahasa ang pagkatao ng kanilang mga anak para sa lipunan at sa simbahan. Ito ay naipadarama tuwing tinuturuan nila ang kanilang mga anak sa mga aral ng simbahan at ng mga kabutihang-asal. Dahil dito ang bawat kabataan ay nagiging kapaki-pakinabang sa buong sambayanan. Gayundin naman, ang Pamilya ay nagiging biyaya sa buong sangkatauhan! At ito ay nagiging lugar na kung saan nasasaksihan ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng pagkakabuklod nila sa pag-ibig at pananampalataya! Ito ay nagiging dahilan ng

paglawak ng Kaharian ng Diyos sa mundo. Sa pamamagitan ng pagtugon na ito, tayo ay nagiging tapat sa makapropetang misyon na ating tinanggap sa ating binyag.” (Pagsasalin mula sa mensahe ni Papa Francisco sa mga pamilya sa kanyang pagdalaw sa Pilipinas noong ika 16 ng Enero 2015)

Kasama ng buong simbahan tayo ay napapasalamat sa kabutihang-loob ng Diyos sa biyaya ng dalawang Santo na hihirangin sa Ika 18 ng Oktubre, “World Mission Sunday”. Sila ay ang mga magulang ni Sta. Teresita na sina Beata Zelig at Beato Luis Martin. Sa panahon na kung saan ang pamilya ay sinisira ng makamundong hatak, ang dalawang hihirangang banal ay maituturing na mga ehemplo at modelo ng pamilya sa ating kapanahunan. Sila man ay nangarap para sa ikababang ng kanilang mga anak. Minsan sinulat ni Zelig, “Kami ay nabubuhay lamang para sa aming mga anak, Sila ang aming kaligayahan.” Ito ay isang buhay pamilya na may kaganapan! Ang kanilang pagiging mag-asawa ay naghatid ng mga anak na may katangi-tanging kabanalan sa ating panahon. (salin mula sa www.littleflower.org)

Ipanalangin natin na ang bawat pamilya sa ating panahon ay maging tapat sa kanilang bokasyon na magkabuklod-buklod sa pag-ibig ng Diyos sa tulong ng mga panalangin ni Santa Zelig at San Louis Martin. Nawáy basbasan ng Panginoon ang lahat ng mga pamilya at sila ay kanyang gabayan sa kanilang mga pang-araw-araw na suliranin at kasiyahan. Maranasan nawa ng kanilang mga anak ang Pag-ibig ng Diyos sa kanilang mga magulang. At nawáy ang bawat pamilya ay maging punlaan ng mga bokasyon. Tayo ay magkaisa sa pagdarasal para sa ikababang ng lahat ng mga pamilya!

Oktubre 2015

Intensyon ng Santo Papa:

Pagkakalalak ng Tao. (Human Trafficking). Upang mahinto ang pangangalakal ng tao. Ang modernong anyo ng pang-aalipin.

Salita ng Diyos:

Mapalad silang mga nagdadalamhati, pagkat sila ay aaliwin. (Mt. 5:4)

Pagninilay:

Alam natin na ang pagkawasak ng pang-aalipin bilang istruktura ng lipunan, ay sanhi ng mapagpalayang mensahe ni Hesus na kanyang isiniwalat sa mundo, sa kaganapan ng biyaya, katotohanan at pag-ibig. Ito ay bahagi ng kanyang pagpapahayag sa mabuting balita lalo na sa kanyang programa para sa mga mapapalad sa Ebanghelyo. Ang paglago ng kamulatan sa mensaheng ito sa kasaysayan ay gawain ng Espiritu ni Kristo at ng kanyang kapangyarihan. Ito ay kanyang ibinahagi sa mga banal at sa lahat ng taong may mabuting kaooban. Sila man ay di natatawag na kabilang sa mga mananampalataya, ngunit nakikiisa at nakikibahagi sa pagpapaulad sa sitwasyon ng tao. (Salin mula sa mensahe ni Papa Francisco sa mga nakibahagi sa Plenary Session of the Pontifical Academy of Social Sciences, Ika 18 ng Abril 2015)

Panalangin:

O Dakilang Diyos, Ikaw ang sandigan ng mga dukha at ng mga inaalipin. Idinudulog namin sa iyo ang kahirapang nararanasan ng lahat ng mga taong biktima ng pangangalakal ng tao at pang-aalipin sa aming panahon. Pagkalooban nyo po sila ng habag upang kanilang maranasan ang inyong

Pag-ibig. Nawáy mawakasan na ang gawain ng mga masasamang loob na nasa likod ng mga pangangalakal sa mga mahihirap upang gawing alipin. Hayaan nyong ang pag-asa ay muling sumilay sa buhay ng lahat ng mga taong pinapahirapan dahil sa kanilang karukhaan. Sta. Josefina Bakita, Ipanalangin Mo Kami. (Composed by the Columban Fathers)

Maaaring Gawin:

Mag-alay ng Isang Misa para sa mga taong nagmamalasakit para sa mga biktima ng pangangalakal ng tao. Gamitin ang Facebook o ibang social media sa pagpapahayag ng saloobin ng pakikiisa sa mga biktima ng pang-aalipin.

Nobyembre 2015

Intensyon ng Santo Papa:

Para sa mga Pastol ng Sambayanan: Upang ang bawat pastol na itinilaga ng Simbahan para sa sambayanan ay maging tagapaghatid ng pag-asa sa kanilang kawang sinasakupan sa pamamagitan ng kanilang pagmamalsakit at pakikipamahayag sa kanila.

Mula sa Aklat ni Jeremias (3:15-17):

At bibigyan ko kayo ng mga pastol ayon sa aking kalooban, na kankandili sa inyo ng kaalaman at unawa. At mangyayari, pagka kayo’y dumami at lumago sa lupain sa mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, hindi na nila sasabihin, Ang kaban ng tipan ng Panginoon; ni mapapasaisip nila yaon: ni aalalahanin nila yaon: ni nanaisin nila yaon; ni mayayari pa man. Sa panahong yaon ay tatawagin nila ang Jerusalem na luklukan ng Panginoon, at lahat ng mga bansa ay mapipisan doon, sa pangalan ng Panginoon, sa Jerusalem: hindi na rin lalakad pa man sila ng ayon sa pagmamatigas ng kanilang masamang kalooban.

Pagninilay:

Tunay nang napakagandang malaman na ang trabahong minana ng simbahan sa mga naunang mga alagad ay nagkakaroon ng katuturan sa pagbubuklod! Nakakamanghang makita kayong nagkakaisa sa trabahong pastoral, na may paggalang sa kalikasan at sa pang-eklesyal na pinangangatawanan ng bawat bokasyon at karisma. Nais kong anyayahan ang bawat isa sa inyong mga pari, mga relohiyoso at relihiyosa, layko at seminarista, at mga Obispo na maging tapat sa inyong obligasyon sa pagpapatatag ng pagkakaisa sa trabahong eklesyal. Lalong lalo na ang mga tungkol sa mga planong pastoral ng bawat diyosesis at ang pagmimisyon kontinental. Kaakibat ng mga ito ay ang ganap na pagbibigay ng sarili sa pagliligkod sa kabutihan ng lahat. (*Pahayag ni Papa Francisco sa mga Obispo, Pari at mga Diyakono, mga Relihiyoso, Seminarista at mga Catholic Movements sa kanyang Lakbay-Apostoliko sa Paraguay*)

Panalangin:

Panginoong Hesus, kami po ay humihiling ng mga banal na pari para sa inyong Simbahan. Nawa'y magpadala kayo ng maraming pari upang tugunan ang pangangailangan ng inyong sambayanan at ng buong sangkatauhan. Isugo nyo po sa amin ang mga tunay na pastol na puspos ng banal na Espiritu. Pabanalin nyo po ang lahat ng mga pari. Upang ang kanilang buhay ay maging tanglaw at gabay namin upang aming masundan ang inyong kalooban. Amen.

Maaaring Gawin:

Mag-alay ng isang misa para sa ikapagpapabanal ng mga kaparian sa buong mundo. Maglaan ng 30 minuto sa harap ng Banal na Santisimo at ipanalangin ang mga pari at Obispo na kasalukuyang nakakaranas ng mga pagsubok.

Disyembre 2015

Intensyon ng Santo Papa:

Para sa mga Pamilya. Upang ang lahat ng mga pamilya lalo na yung mga nakakaranas ng matinding kahirapan ay makatagpo ng pag-asa sa kapanganakan ni Hesus.

Mula sa Ebanghelyo ni San Mateo (19:4-6)

Sumagot si Jesus, "Hindi pa ba ninyo nababasa sa kasulatan na sa pasimula'y nilalang ng Diyos ang tao na lalaki at babae? At siya rin ang nagsabi, 'Dahil dito'y iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina, at magsasama sila ng kanyang asawa at sila'y magiging isa.' Hindi na sila dalawa kundi iisa, kayat ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng sinuman."

Pagninilay:

Ang bawat magulang ay nangangarap at naghihintay para sa kanilang anak sa loob ng syam na buwan. Tama ba ako? [oo!] Sila ay nangangarap kung anong klasing bata magiging ang kanilang anak... Hindi kayo maaaring magkaroon ng pamilya na walang mga pangarap. Kapag ang pamilya ay di na marunong mangarap, ang bawat anak ay di na lalago, ang pag-ibig ay hindi na iiral at ang buhay ay magiging matamlay at mamamatay. Kaya paanyaya ko sa inyo sa bawat gabi, tuwing kayo ay mag-uusig ng inyong konsensya sana'y itanong nyo rin sa inyong mga sarili kung kayo ba ay nangarap para sa kinabukasan ng inyong mga anak? Kayo ba ay nangarap para sa pag-ibig ng iyong asawa? Kayo ba ay nangarap para sa inyong mga magulang at ninuno na yumao na? Ang kakayahang mangarap ay mahalaga. Lalo na kung ito ay pangarap para sa pamilya. Wag nyong iwala ang kakayahang ninyong mangarap! (*Address of Pope Francis to the families, Apostolic Journey to the Philippines, 16 January 2015*)

Panalangin:

Panginoong Hesus, ang bawat pamilya sa aming panahon ay nangangailangan ng inyong pagtulong. Sila ay humaharap sa ibat-ibang suliranin at pagsubok sa kanilang buhay. Nawa'y pahintulutan nyong kayo'y lagi nilang maramdaman sa pamamagitan ng inyong pagsugo ng mga banal na manggagawa sa lahat ng aming mga komunidad. Patatagagin nyo po sila upang sila ay makapaghatid ng inyong pag-ibig sa mga pamilya. Amen.

Maaaring Gawin:

Mag-handog ng isang misa para sa ikapagpapabanal ng lahat ng mga pamilya.

Tampok na Santo: Sta. Teresa ng Niño Hesus

"Maunawaan ko na ang lahat ng mga bokasyon ay saklaw ng Pag-ibig. Ang lahat ng bagay ay pag-ibig, na yumayakap sa lahat ng oras at lugar... sa isang salita, ito ay walang hanggan!!



..... Sa kasukdulan ng aking nag-uumapaw na tuwa, aking ipinahayag: O Hesus, aking Pag-ibig, sa wakas akin ng natagpuan ang aking bokasyon, ang aking bokasyon ay Pag-ibig!... Oo! Natagpuan ko na nga ang aking lugar sa simbahan, at ito ay ikaw, O aking Diyos, na naghandog sa akin ng lugar na ito... Sa puso ng Simbahan, ang aking Ina, ako ay mamahalin!... Samakatuwid, ang lahat ng bagay ay dapat maging ako: At ang lahat ng aking pangarap ay dapat matupad!!!"

Oo! Aking Irog, Nais kong gugulin ang aking buhay sa ganito... Wala nakong alam na ibang paraan upang patunayan ang aking pag-ibig kundi magsabog ng mga bulaklak, na ang ibig sabihin ay hindi ko kailanman itatanggi ang aking sarili sa kahit anong sakripisyo. Hindi ako magdadalang-isip, Hindi ako magsasalita ng kahit anu pa man at kahit sa munting gawain ako ay makakaranas ng tuwa sa pamamagitan ng pagtupad ko sa mga ito na may pagmamahal. Nais kong magdusa dahil sa pag-ibig at nais kong magalak dahil sa pag-ibig. Kaya ako ay magsasabog ng mga bulaklak sa inyong trono. Wala ni isa mang bulaklak ang aking ititira na hindi ko isasabog sa 'yong harapan. At sa pagkalat ng aking mga bulaklak aking aawitin (makakaya kaya ng sinuman ang tumangis sa paggawa ng lubhang nakagagalak na gawain?) Aking aawitin, kahit na ang aking mga rosas ay kinakailangan lipulin mula sa mga tinik: at habang ang tinik ay mas matalim at mahaba ang aking awit ay nararapat na mas maging matamis.

- Mula sa aklat, "The Story of A Soul"



PANALANGIN PARA SA BOKASYON ni Santo Hannibal Mary Di Francia

O Lubhang katamistamisang Hesus, sa iyong pagsambit, "Kaya Manalangin sa Panginoon ng Ani na Sya ay magpadala ng mga manggagawa sa kanyang Anihan," kami ay binigyan mo ng lakas-loob na magtrawala na sa tuwing kami ay dudulog para sa layuning ito kami ay diringgin. Sa pagsunod sa iyong atas, Kami ay dumudulog sa Iyo na ika'y magpadala ng mga banal na manggagawa sa Inyong Simbahan.

O Lubhang katamistamisang Hesus, Iyong inialay ang iyong buhay sa pagtupad sa kalooban ng Ama. Ikaw nawa ay magpadala ng maraming tagapagpahayag ng mabuting balita. Sa pamamagitan ng kabanaan ng kanilang buhay at paglilingkod sa Iyong sambayanan sila nawa ay makapaghandog ng papuri sa Ama, ngayon at kailanman.

O Lubhang katamistamisang Hesus, Sa iyong pagkauhaw para sa kaligtasan ng lahat ng tao inialay mo ang iyong sarili para sa amin at iyong iniwan sa mundo ang iyong walang hanggang pagkapari para sa ikaliligtas ng sangkatauhan. Mula sa iyong awa at habag ikaw ay magpadala ng mga banal na manggagawa na may nagniningas na paghahangad para sa ikaliligtas ng lahat, upang ang lahat ay magwakas sa Iyo. Amen.



CateVoc

61. Sino ba ang dapat tumulong sa mga kabataan upang matuklasan nila ang kanilang bokasyon? Sila ay ang mga magulang, mga guro at higit sa lahat, ang mga pari sa pamamagitan ng paggabay sa kanilang espirituwal na buhay na inaasahang magiging kaakit-akit sa mga kabataan. At dahil dito sila ay magpapamalas ng kanilang katapatan at pagtitiyaga.

Ang Banal na Mag-Anak : Tanglaw ng Bokasyon sa Buhay ng Pamilya

Paunang Salita:

Sa ating kapanahunan, ang pamilya ay nahaharap sa ibat-ibang mga pagsubok pati rin sa maraming makamundong pananaw. Ang nasabing kultura ay patuloy na sumisira sa dignidad ng sakramento ng pagbubuklod at sa pamilya. Hangang sa puntong pati ang bawat indibidwal ay nagkakaroon ng sariling pananaw kung ano ang tunay na kahulugan ng pag-ibig. Sa ganitong pagkakataon ang Diyos na siyang pag-ibig ay nawawala na ng lugar sa buhay ng bawat pamilya. Dahil dito nakakalimutan nang bawat tao ang magandang plano ng Diyos para sa bawat pamilya at ito ay nagdudulot ng pagkasira ng lipunan. Halimbawa ng mga ito ay ang pagkawatak-watak ng mga pamilya, pagsasabatas sa pagaasawa ng dalawang taong may parehong kasarian (*Same Sex Marriage*) abortion at pang-aabuso ng mga medical na pamamaraan sa pakkikialam sa buhay ng tao. Idalangin natin ng buksan ng Diyos ang puso at isip ng lahat ng mga lider sa lipunan na isulong ang mga turo ng mabuting balita sa kanilang paglilingkod sa bayan lalo na sa mga pamilya. Nawa'y magpadala ang Diyos ng mga taong bukas ang kalooban upang iangat ang dignidad ng pamilya at buhay. Nawa'y tanglawan sila ng banal na mag-anak sa kanilang buhay...

Pambungad na Awit:

Isang Pagkain, Isang Katawan, Isang Bayan

Pambungad na Papuri't Panalangin:

Panginoong Hesus, tunay kang nananahan sa Banal na Sakramento at kami naman ay natitipon ngayon sa banal mong harapan. Kami ay nagpapasalamat at sumasamba sa iyong kadakilaan... sa inyong buhay ang awa ng Ama ay aming namalas at naghatid sa amin ng pag-asa at buhay at lalong-lalo na sa aming mga pamilya. Handog po namin sa inyo ang kalagayan ng lahat ng mga pamilya..Nawa'y palaguin nyo sila sa pagkakabuklod at pag-ibig. Isugo nyo po sa amin ang inyong mga hinirang na pastel upang patatagin at gabayan ang bawat pamilya. At upang sila ay mabuhay sa halimbawa ng Banal na mag-anak sa Nazaret...*Papuri at pasasalamat sa bawat sandali, sa Iyo kabanal-banalang Mahal na Sakramento. Luwalhati sa Ama sa Anak at sa Espiritu Santo, kapara nang sa unang-una ngayon at kalianman. Panginoon, Magpadala Po kayo ng mga Banal na Alagad sa Inyong Simbahan.*

Espiritwal na Pakikinabang at Pagninilay:

O Aking Jesus, ako ay sumasamplataya na ikaw ay tunay na na-

nanahan sa Kabanal-banalang Sakramento. Iniibig kita higit sa anu pa man at hangad ko na matanggap ka sa aking kalooban. Dahil sa kadahilanang hindi kita matatangap ngayon sa paraang sakramental, ipahintulot mong matanggap kita sa espritwal na paraan. Ikaw ay aking tinatangap at aking buong pusong pinagkakaisa ang aking sarili sa Iyo. Hwag mo nawa akong pahintulutan pang mawalay sa Iyo. Hesus! Ako ay nanalig, umaasa at umiibig sa Iyo!

Pagpapahayag ng Mabuting Balita at Homiliya:

Lucas 2:41-52

Panalangin ng Bayan:

Panginoong Hesus, bago mo sinimulan ang iyong ministeryo para sa publiko ay iyo munang ipinahayag sa lahat, ang mapagpalang kalooban ng Ama para sa bawat pamilya. At sa Iyong pagpapahayag ng Mabuting Balita iyo namang ipanakit sa sangkatauhan ang dignidad ng bawat pamilya na nakaugat sa Pag-ibig ng Diyos. Ang Pag-ibig ng Ama ay syang nagpapabuklod sa lahat ng pamilya na amin din namang namalas sa iyong buhay noong ikaw ay naging anak ni San Jose at ni Maria. Ipagkaloob mo po sana sa lahat ng Pamilya ang biyang lumago sa pag-ibig tulad ng inyong naranasan sa piling ng inyong pamilya sa nazaret. Marami sa mga pamilya ang dumaranas ng matinding pagsubok na sumisira sa pagkakabuklod ng bawat miyembro dahil sa matinding hatak ng mga makamundong ideolohiya. Kaawaan mo po kami Panginoon, at tulungan kaming depensahan ang aming mga pamilya sa mga masasamang bagay na sumisira dito. Gayundin naman, magpadala po kayo ng maraming bokasyon na magbibigay saksi sa kagandahan ng sakramento ng pagbubuklod at ng Pamilya. Upang sa pamamagitan ng aming buhay kami ay patuloy na makapagbigay parangal at papuri sa Iyo. Amen.

Pagbabasbas/ Panandaliang Katahimikan

Pangwakas na Awit:

Pananagutan



Theme:
CHRIST IN YOU,
OUR HOPE
OF GLORY

Ang 51st Eucharistic Congress ay gaganapin sa Lungsod ng Cebu sa Pilipinas sa darating na enero 24-31 2016. Ang tema ng pagdiriwang ay "*Christ in You our Hope of Glory*" na nagbibigay diin sa banal na Eukaristiya bilang bukal at layunin ng Banal na Misyong ng Simbahan. Ito ay hinango sa sulat ni San Pablo sa mga taga-Colosas (1:24-29) na ang layunin ay ang makapaghatid ng maliwanag na kaalaman sa pagkakabuklod ng Eukaristiya, Misyong, at ng Pag-asang Kristyano sa ating panahon hangang sa wakas.

Layunin din ng kaganapan na ito na makapagbigay ng pagkakataon para sa lahat ng lalohokang lubos na maunawaan at maranasan ang nakakapagpanibagong karanasan kay Kristo sa Eukaristiya. Dahil dito Sya ay ganap na mararanasan ng sinuman sa kanyang salita at sa dakilang sakripisyo na kanyang inhahandog sa banal na hapag upang tayo ay ganap na mabuhay sa kanyang pag-ibig. Ang mapaglayang karanasan na ito, kay Kristo sa banal na hapag ay maaaring maging bukal ng pag-asa para sa buong mundo. Lalo't lalo na kung ito ay maghatid ng pagbabago dulot ng mapagpalayang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Dahil dito tayo ay inaasahan na magkapaghatid din ng karanasang makapagpapalab sa pananamपालतया ng ibang tao. Tayo ay inaanyayahang maghatid ng pagpapatawad ng Diyos, ng kanyang pag-ibig at pagtanggap sa kahit kaninuman. (*Mula sa "Primer" ng 51st IEC*)

PANALANGIN PARA SA 51st INTERNATIONAL EUCHARISTIC CONGRESS

Panginoong Hesus, ikaw ang aming pag-asa sa kaluwalhatian. Ikaw ang kaganapan ng nakapagliligtas na kalooban ng Ama sa sangkatauhan. Ikaw ang nagpahayag sa amin sa mysteryong ikinubli sa lahat ng henerasyon at panahon. Ikaw ay nananahan sa Iyong Simbahan sa banal na Sakramento ng Eukaristiya. Habang kami ay nagdiriwang ng Banal na Eukaristiya upang tanggapin ang inyong banal na katawan at dugo, Nawa'y mamulat kami sa inyong presensya at magkaroon ng lakas ng loob na tumugon sa paanyaya ng buhay pagmimisyong sa mundo. Isugo mo sa amin ang Banal na Espiritu, upang kami ay gabayan sa aming paglalakbay at pakikipamahayag sa mga dukha kasama ng mahal na Birheng Maria. O Dakilang Diyos sa Banal na Sakramento, sayo ang lahat ng kapurihan at kaluwalhatian kasama ng Ama at ng Banal na Espiritu iisang Diyos ngayon at magpasawalang-hangan. Amen.



@115

maligayang anibersaryo!

Kami ay nagpapasalamat sa Diyos sa biyayang ipinagkaloob Niya sa **UNION OF PRAYER FOR VOCATIONS** sa pagpapalaganap ng kultura ng bokasyon sa Simbahan. Inaalala natin na pinili ng Diyos si Santo Hannibal upang ay maging Apostol ng panalangin para sa mga bokasyon. Sa layuning ito kanayang itinatag ang UPV noong Disyembre 8, 1900 bilang tugon sa paanyaya ni Hesus sa Ebanghelyo: *“Kaya manalangin sa Panginmong ng Anihan na Sya ay Magpadala ng mga manggagawa sa kanyang Ani”* (Mat. 9:37-38). Ito ay unang inaprobahan ni Obispo Letterio D’Arrigo, Arsobispo ng Messina sa Italya.

Ang Layunin ng Union of Prayer for Vocations (UPV):

Ang unang layuning ng UPV ay ang magdasal para sa ikararami ng mga banal na bokasyon sa Simbahan. Pangalawa ay ang pagpapalaganap ng panalangin na ito bilang tugon sa paanyaya ni Hesus sa Ebanghelyo. *“Kaya manalangin sa Panginoong ng Anihan na Sya ay Magpadala ng mga manggagawa sa kanyang Ani”* (Mat. 9:37-38). Samakatuwid, ang bawat miyembro ng UPV ay nangangakong:

MAGDASAL para sa ikararami ng mabuting manggagawa sa Simbahan, lalong lalo na sa mga pagpapari, buhay relihiyoso at para sa kanilang sa pagsisikap.

MAGPALAGANAP sa panalangin para sa maraming bokasyon sa simbahan at sa buong mundo at gawin itong pang-kalahatan.

ISABUHAY ang pagiging mabuting manggagawa sa Simbahan sa pamamagitan ng pagiging mabuting halimbawa ng kabanalan sa antas ng buhay na kinabibilangan.

Pagmimiyembro sa Union of Prayer for Vocations (UPV):

LAHAT ay inaanyayahan na makiisa sa mga UPV sa kanilang mga layunin. Sa mga nagnanais na maging miyembro maari nyong ipadala ang application sa address na ito: *St. Hannibal Rogate Center, #24 Calcutta St., Merville Park, 1709 Paranaque City.*

Benepisyo para sa Miyembro ng Union of Prayer for Vocations (UPV):

Ang lahat ng mga miyembro ay kasama sa intension ng buwanang misa para sa UPV. Ang lahat ng mga buhay at pananaw na ay ipagdadadal sa General Curia ng mga Rogasyonista at ng mga Daughters of Divine Zeal sa Roma, Italya.

Luwalhati sa Diyos sa kaitaasan!



MGA NALALAPIT NA KAGANAPAN

Oct. 7 - Ika-2 Anibersaryo ng Pagpanaw ni BR. HERMAN YOSENI, RCJ

Oct. 24 - Ordinasyon sa Pagkapari nina Reb. Ryan Jimenez, Reb. Joel Ricafranca, Reb. Wilford Urmaza (OLMHRP, Paranaque City)

Nov. 23 - Anibersaryo ng Kauna-unahang Misyong Rogasyonista sa Pilipinas (1976)

Dec. 8 - Dakilang Kapistahan ng Kalinis-linisang Pagkalihi ni Maria, Simula ng TAOON NG NATATANGING HUBILEO NG AWA



Para sa kopya ng *Kaya Idalangin*, maaari po kayong humiling kasama ng inyong pangalan, tirahan, at contact number sa: info@rogate.asia o maaari niyo po kaming sulatan sa:

ST. HANNIBAL ROGATE CENTER #24 Calcutta St., Merville Park, Paranaque City, 1709

FR. DI FRANCIA CENTER OF STUDIES Eriberta Lane, Don Jose Green Court, Sucat, Paranaque City, 1700

Santo Hannibal, ipanalangin mo po kami!

O Panginoon, magpadala po kayo ng mga Banal na Alagad sa Inyong Simbahan!



katagang sto. hannibal

“Tulad ng nakagagalang na biyaya, nanggagalang sa kaitaasan ang bokasyon: kung ipagwawalang-bahala natin ang utos ni Hesus na manalangin para sa bokasyon, kailanman hindi ito darating.

Gayundin, kailanman ay hindi natin mapagtatagumpayan ang ating mga gawain at pagpapalaganap ng kultura. Sa katotohanan, fanging ang Simbahan lamang na may mataimtim na panalangin ang mabisa upang ang mga bokasyon ay sumibol sa ating panahon. ”

upcoming vocation search-in

Diocesan: DIOCESE OF PARANAQUE

FR. JOSEPH LANDERO - Diocesan Vocation Director

Parish Priest at the Ascension of Our Lord Parish, Rainbow Drive, Goodwill 2 Subdivision, Sucat, Paranaque City
Cell. No.: 09392254546 // Tel. No.: (02) 826-4396

Religious: ORDER OF THE SERVANTS OF MARY

REV. EDGAR MA. BENEDI-AN, OSM - Vocation Director
St. Mary of the Servants Community, Tunasan, Muntinlupa City
Cell. No.: 09273236150

Religious: ROGATIONISTS OF THE HEART OF JESUS

REV. WILFORD URMАЗA, RCJ - Vocation Promoter (Luzon)
FR. RONIE GUMAGAY - Vocation Promoter (Visayas-Mindanao)
For Luzon: Father Hannibal Formation Center (Rogationist Seminary)
65 Saint Hannibal St., Merville Park, Paranaque City
Tel. No.: (02) 828-3415, 828-3416

For Vis-Min: St. Hannibal Formation Center
St. John St., Don Bosco Village, Pleasant Homes,
Punta Princesa, Cebu City
Tel. No.: (032) 272-0947, 272-4198

Date of Orientation: December 26-30, 2015; also by Week-ends

Religious: DAUGHTERS OF DIVINE ZEAL

SR. DARLEN PARDILLO, FDZ

Tahanang Divino Zelo, Gen. Emilio Aguinaldo Highway,

Lalaan I, Silang, Cavite, 4118

Cell. No.: 09173644205 // Tel. No.: (046) 686-0714

E-mail Address: darlenprivate@yahoo.com

Date of Orientation: By Arrangement/Appointment

Religious: VERONICAN SISTERS OF THE HOLY FACE

SR. MARGIE LARGO, VSHF - Vocation Promoter

VSHF Convent, 118 Carmelite St., Merville Park, Paranaque City

Cell. No.: 09157567019 // Tel. No.: (02) 828-4946

Date of Orientation: April 3 and May 25, 2016

Luwalhati Sa Diyos sa Kaitaasan! Nawa'y manahan ang sanggol na si Hesus at ang buong mag-anak ng belen sa inyong mga puso FOREVER! Nawa'y ang dakilang pag-ibig na naghubog sa Sali-tang nagkatawang tao ay makapaghatid sa inyo ng kapayapaan at kasaganaan! Isang Mapagpalang Pasko po sa inyo at sa inyong mga mahal sa buhay!

- mula sa *Kaya Idalangin* Staff at ng Pamilya Rogate

Ipalaganap natin ang Panalangin para sa mga Bokasyon.

Sa mga bukas loob na gustong tumulong sa amin sa pagpapalaganap ng **kultura ng Bokasyon**, maaari nyo pong ibigay ang inyong suporta sa pamamagitan ng pagtulong sa paglalahatla ng *Kaya Idalangin*. Ang inyong mga donasyon ay aming bukas-loob na tatanggapin at pasasalamatang upang patuloy naming maisulong ang aming paglilingkod para sa mga Bokasyon! Pagpalain po kayo ng Diyos!